

GABAY SA MUNDO NG
MGA KARAPATANG PAMBATA:

UNITED NATIONS CONVENTION ON THE RIGHTS OF THE CHILD



GABAY SA MUNDO NG
MGA KARAPATANG PAMBATA:

UNITED NATIONS
CONVENTION ON THE
RIGHTS OF THE CHILD

**Gabay sa Mundo ng mga Karapatang Pambata:
United Nations Convention on the Rights of the Child**
Copyright © 2018

Editor

Ray Paolo J. Santiago

Research Team

Ma. Cecille Latuño

Content, design, and illustrations

Christine Claire D. Laison

Icons used are designed by Freepik from Flaticon.

This publication is supported by the Australian Government and implemented by Save the Children Philippines.

This material/production has been financed by the Government of Sweden. Responsibility for the content lies entirely with the creator. Sida does not necessarily share the expressed views and interpretations.

MABUHAY!



Ito ang bago mong booklet. Ito ang magiging gabay mo sa mundo ng mga karapatan. Samahan mo kami na basahin at alamin ang mga karapatan mo bilang isang bata. Sa booklet na ito, malalaman mo ang mga karapatan na mayroon ka, ang kahalagahan nito, at ang mga tao na tutulong sa iyo upang maproteksyunan at maisakatuparan ang mga karapatang ito.

Upang maging handa ka sa paglalakbay sa mundo ng mga karapatan, ito ang ilan sa mga dapat mong tandaan:

BAKIT MAHALAGA NA MALAMAN MO ANG IYONG MGA KARAPATAN?

Kahit ano man ang mangyari, hindi maaaring tanggalin o kuhanin mula sa'yo ang iyong karapatan. Ngunit kung hindi mo alam ang iyong mga karapatan, maaari kang maloko o maisahan ng ibang tao.

Ang booklet na ito ang iyong magiging guide upang malaman ang iyong mga karapatan. Ikaw ay magiging isang child rights advocate o tagapagsulong ng mga karapatang pambata!

BAKIT MAHALAGA ANG KARAPATANG PAMBATA?

Ito ang proteksyon mo mula sa pananakit at pang-aabuso ng ibang tao.

Ito ang proteksyon mo sa panahon ng gyera at sakuna.

Ito ang nagsisilbing gabay mo sa araw-araw at sa pang-matagalang panahon.

Ito ang tumutugon sa mga pangangailangan mo bilang isang bata.

NILALAMAN NG BOOKLET:

Kahalagahan ng Karapatan	1
Definition of Terms	2
United Nations Convention on the Rights of the Child	4
Katangian ng mga Karapatan	10
Guiding Principles ng mga Karapatang Pambata	11
Dutybearers at kanilang mga tungkulin	12
Panunumpa ng Child Rights Advocate	14



ANG BOOKLET NA ITO AY PAG-AARI NI:



ITO ANG LISTAHAN NG MGA IMPORTANTENG KONSEPTO AT ANG KAHULUGAN NILA.

MADALAS MO SILANG MABABASA SA BOOKLET NA ITO, KAYA NAMAN MAHALAGA NA PAMILYAR KA SA KANILA:

ACCOUNTABILITY

Ito ay tumutukoy sa responsibilidad o pananagutan ng isang tao, organisasyon, o institusyon na tuparin o gampanan ang kanilang mga obligasyon.

BATA


Sinumang taong mas mababa sa 18 taong gulang ang kanyang edad; at 18 pataas ang edad pero hindi niya maalagaan at maproteksyunan ang kanyang sarili dahil sa kanyang mental o pisikal na kondisyon.



CHILD ABUSE

Ito ay paggawa ng mga bagay na maaaring magpahamak o magpahina sa pisikal o psychological na kalusugan ng mga bata. Ang pang-aabuso ay maaring pisikial, sekswal, o psychological. Kasama rin ang pagpapabaya sa bata.

Halimbawa, ang psychological na pang-aabuso ay ang madalas na paninira, pagpapaphiya, at pag-insulto sa isang bata. Ito ay maaaring magdulot ng pagkawala ng kumpiyansa sa sarili o pagkasira sa iyong dignidad.



CONVENTION

Agreement o kasunduan sa pagitan ng mga bansa tungkol sa mga partikular na usapin o isyu. Halimbawa ay ang United Nations Convention on the Rights of the Child.



DECLARATION

Pormal na anunsyo o panawagan; isang maliwanag at pormal na statement.

DISCRIMINATION

Kakaiba o di pantay na pagtrato sa isang tao o grupo ng mga tao (tulad ng mga bata) dahil sa kanilang edad, kulay, wika, relihiyon o iba pa. Halimbawa, maituturing na diskriminasyon ang pagbawal sa isang babaeng Muslim na may suot na hijab (o belo sa ulo na tradisyunal na kasuotang Muslim) na pumasok sa isang gusali. Dapat ay may kalayaan ang isang taong mag-express o magpahayag ng kanyang paniniwala.

DUTY BEARER

Mga organisasyon o institusyon na may obligasyon o tungkulin na respetuhin, proteksyunan, at itaguyod ang mga karapatang pantao. Halimbawa: Ang gobyerno ang pangunahing duty-bearer sa pagbibigay ng proteksyon sa mga bata.

EXPLOITATION

Ito ay ang pananamantala o pag-take advantage sa isang tao para makalamang o para sa sariling kapakanan. Halimbawa ng exploitation ay batang pinagtatrabaho pero di binabayaran, pakikipag sex sa isang bata kapalit ang pera o pagkain, pagsali ng isang bata sa isang armadong grupo, paggamit ng mga bata sa pagbebenta ng droga o pagnanakaw.



KARAPATANG PANTAO/
HUMAN RIGHTS

Ito ay mga bagay na kailangan o pwedeng gawin nang malaya ng isang tao para sya ay mabuhay ng maayos at may dignidad. Hindi ito maaring alisin mula sa kahit sino mang tao, ano man ang katayuan sa buhay at sitwasyon na kinalalagyan.

LEGALLY BINDING

Kung ang isang kasunduan ay legally binding, ang kasunduan na ito ay legal at lahat ng mga bansang pumirma sa kasunduang ito ay may responsibilidad at pananagutan na tuparin ang mga nakalagay sa kasunduang ito.

PRINSIPYO

Ito ay ang mga mahahalagang pamantayan at batayan na gabay ng isang tao. Ginagamit niya ito sa pagsuri sa mga sitwasyon, pangyayari, mga kilos, at pagdedesisyon. Ito rin ang ginagamit para suriin kung ang isang bagay ay tama o mali. Halimbawa, prinsipyo ni Anna na maging honest o tapat. Dahil dito, hindi siya nagpapa-kopya ng kaniyang assignment.

RATIFY

Ito ay ang pagpirma o pagbibigay ng pormal na pagsang-ayon ng estado o bansa sa isang dokumento o kasunduan upang maging opisyal ito.

RESPONSIBILIDAD

Kakambal ng karapatan ay ang pagpapahalaga at pagrespeto rin sa karapatan ng iba, at pagtulong at pagbigay-suporta sa mga taong inaabuso o binabale-wala ang karapatan. Ito ay tungkulin ng bawat bata sa mundo.

RIGHTS HOLDERS

Tumutukoy sa kung sino ang grupong dapat may karapatan ayon sa partikular na convention.

UNITED NATIONS O
UN

Ito ay isang pandaigdigang organisasyon na nabuo noong 1945 upang mapanatili ang kapayapaan, kaligtasan, at seguridad sa mundo. Layunin nito na makabuo ng magandang relasyon sa pagitan ng mga bansa, magtulungan para masolusyunan ang mga pandaigdigang problema, at magtaguyod ng human rights. Nilalayon nitong magsama-sama ang iba't ibang bansa upang makamit ang mga layuning ito.



UNITED NATIONS CONVENTION ON THE RIGHTS OF THE CHILD



Guhit ni Dave Ryan T. Cruz
Padre Zamora Elementary School

Mayroon tayong karapatang mabuhay, mapaunlad ang sarili, makilahok sa mga usapin at gawaing mahalaga sa atin, at maproteksyunan. Sa loob ng United Nations Convention on the Rights of the Child, makikita ang iba't ibang karapatan na tumutugon sa mga sumusunod:

Gabay sa pagpapatupad ng mga Karapatan

**Karapatang Mabuhay at Mapaunlad ang sarili
(Survival and Developmental Rights)**

Karapatang Makilahok (Participation Rights)

Karapatang Maproteksyunan (Protection Rights)

Bawat kulay ay sumisimbolo sa mga kategoryang ito.

Article 1

Lahat ng wala pang 18 taong gulang ay mayroon ng mga karapatang ito. Kung ikaw ay may edad na mababa sa 18 taong gulang, ito ang mga karapatan mo.

Article 2

May karapatan kang maproteksyunan laban sa diskriminasyon. Ibig sabihin, walang dapat magtrato sa iyo nang iba dahil sa iyong edad, kasarian, kulay, relihiyon, wika, kung may kapansanan ka, o kung mayaman ka o mahirap. Tungkulin ng gobyerno na siguruhing ikaw ay nopoproteksyunan laban sa diskriminasyon.

Article 3

Sa lahat ng mga pagdedesisyon ng mga nakatatanda at ng gobyerno, dapat unang iisipin ay kung ano ang best interest of the child o ang pinakamabuti para sa iyo.

Article 4

Dapat gawin ng gobyerno ang lahat ng kanyang makakaya at gamitin niya ang kanyang pondo para masigurong nakakamit mo ang mga karapatang ito.

Article 5

Dapat igalang ng gobyerno ang mga karapatan at responsibilidad ng iyong mga magulang na bigyan ka ng direksyon at gabay ayon sa iyong kakayahan.

Article 6

May karapatan kang mabuhay at mapaunlad ang iyong sarili at ang iyong mga kakayahan.

Article 7

May karapatan kang magkaroon ng pangalan at nasyonalidad. Karapatan mong mairehistro pagkapanganak. Hangga't maaari, may karapatan kang makilala ang iyong magulang at maalagaan nila.

Article 8

May karapatan kang magkaroon ng identity o pagkakilanlan. Obligasyon ng gobyerno na siguruhing naipagkakaloob sa iyo at napoproteksyunan ang iyong pangalan, nasyonalidad at ugnayan sa iyong pamilya.

Article 9

Hindi ka dapat mahiwalay sa iyong magulang maliban na lang kung para ito sa iyong kabutihan — halimbawa, kapag pinapabayaan o minamaltrato ka ng iyong magulang. Kung magkahiwalay ang iyong mga magulang, may karapatan kang makipag-ugnayan sa parehong magulang, maliban na lamang kung makasasama ito sa iyo.

Article 10


Kung ikaw at ang iyong pamilya ay nakatira sa magkaibang bansa, may karapatan kayong magbiyahe sa pagitan ng mga bansang ito upang magkita o kaya ay magsamang muli sa iisang bansa.

Article 11

May karapatan kang maproteksyunan laban sa kidnapping at pagpupuslit sa iyo sa labas ng bansa.

Article 12

May karapatan kang sabihin ang iyong saloobin tungkol sa anumang bagay na nakakaapekto sa iyo, at mapakinggan ang mga saloobin at sasabihin mo.



Article 13

May karapatan kang makakuha at magbahagi ng impormasyon hangga't ang impormasyon ay hindi makasasama sa iyo o sa iba.

Article 14

May karapatan kang mag-isip at manampalataya nang malaya, at isabuhay ang iyong relihiyon na may paggabay ng iyong mga magulang, basta hindi mo inaapakan ang karapatan ng ibang tao.

Article 15

May karapatan kang makipagkita sa iba pang kabataan at lumahok sa mga samahan, hangga't hindi ka nakatatapak ng karapatan ng ibang tao.

Article 16

May karapatan ka sa pribadong buhay. Halimbawa, hindi maaaring basahin o iapamahagi ng iba ang iyong diary, larawan, sulat, at mga mensahe sa mobile phone, email at social media na walang pahintulot mo.

Article 17

May karapatan ka sa maaasahang impormasyon mula sa mass media. Ang mga telebisyon, radyo at pahayagan ay dapat magbigay ng impormasyon na maiintindihan mo, at di dapat na magpalaganap ng mga materyal na makasasama sa iyo.

Article 18

Ang pareho mong mga magulang ay magkatulong sa responsibilidad ng pagpapalaki sa iyo, at dapat na laging isinasaalang-alang kung ano ang pinakamainam para sa iyo. Dapat tulungan ng gobyerno ang iyong mga magulang sa pagpapalaki at pangangalaga sa iyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyong susuporta sa kanila, lalo na kung sila ay parehong nagtatrabaho.

Article 19

Dapat siguraduhin ng gobyerno na ikaw ay inaalagaan nang wasto. Dapat kang protektahan laban sa karahasan, pang-aabuso, at pagpapabaya ng iyong mga magulang o ng kung sinumang nag-aalaga sa iyo. Kailangang magpatupad ang gobyerno ng mga programa na makatutulong upang maiwasan ang pang-aabuso at matulungan ang mga biktima ng pang-aabuso.

Article 20

Karapatan mong mabigyan ng espesyal na proteksyon kung ikaw ay wala sa piling ng iyong sariling pamilya. Kung hindi ka maalagaan ng sarili mong pamilya, dapat siguraduhin ng gobyerno na ikaw ay mabibigyan pa rin ng tamang pangangalaga na isinasaalang-alang ang iyong kultura at pinanggalingan.

Article 21

Karapatan mong maalagaan at maproteksyunan, inampon ka man o nasa pangangalaga ng isang foster family.

Article 22

Kung ikaw ay isang batang napunta sa isang bansa bilang refugee, dapat makamit mo pa rin ang mga karapatan katulad ng sa ibang mga batang ipinanganak sa bansang iyon.

Article 23

Kung ikaw ay may kapansanan, sa isip man o sa katawan, may karapatan ka sa espesyal na kalinga, edukasyon, at pagsasanay upang matulungan kang umunlad at magkaroon ng buhay na may dignidad.

Article 24

May karapatan ka sa pinakamahusay na kalidad ng serbisyong pangkalusugan at sa malinis na tubig, masustansyang pagkain, at malinis na kapaligiran upang manatili kang malusog. Dapat tulungan ng mga mayayayamang bansa ang mga mahihirap na bansa upang makamit ito.

Article 25

Kung ikaw ay nasa ilalim ng pangangalaga ng gobyerno o lokal na mga awtoridad, may karapatan kang masubaybayan kung ikaw ay nasa maayos at ligtas na kalagayan.

Article 26

Kung ikaw ay mahirap, karapatan mong matulungan ng gobyerno sa iyong mga pangunahing pangangailangan.

Article 27

May karapatan ka sa antas ng pamumuhay na sapat upang matugunan ang iyong mga pisikal at mental na pangangailangan. Dapat tulungan ng gobyerno ang mga pamilyang hindi kayang ibigay ang mga ito.

Article 28

May karapatan kang mag-aral. Ang pagdidisiplina sa mga paaralan ay dapat may paggalang sa iyong pagkatao at dangal bilang bata. Dapat na libre ang edukasyon sa elementarya.



Article 29

May karapatan ka sa isang edukasyon na nagsisikap paunlarin nang lubos ang iyong personalidad at abilidad, hinihikayat kang igalang ang karapatan at pahalagahan ang ibang tao, at igalang ang kapaligiran.



Guhit ni Kay Maria Alvez L. Espiritu
Padre Zamora Elementary School

Article 30

May karapatang kang pag-aralan at gamitin ang wika at kaugalian ng iyong pamilya katulad man ito o hindi sa wika ng karamihan ng mga tao sa bansang iyong tinitirahan.

Article 31

May karapatan kang magpahinga at maglaro, at sumali sa iba't ibang aktibidad gaya ng sports, musika, at drama.

Article 32

May karapatan kang maproteksyunan laban sa trabahong mapanganib o maaaring makapinsala sa iyong kalusugan o edukasyon.

Article 33

May karapatan kang maproteksyunan laban sa mga mapanganib na gamot o droga.

Article 34

May karapatan kang maproteksyunan laban sa sekswal na pang-aabuso.



Article 35

Walang sinumang maaaring dumukot o magbenta sa iyo.

Article 36

May karapatan kang maproteksyunan laban sa anumang gawain na makasasama sa iyong pag-unlad

Article 37

Hindi ka dapat maparusahan sa paraang malupit o mapanakit.

Article 38

May karapatan kang maproteksyunan sa panahon ng giyera. Kung ikaw ay wala pa sa gulang na 15, hindi ka maaaring maging bahagi ng hukbong militar o makibahagi sa giyera.



Article 39

Kung ikaw ay napabayaan o naabuso, dapat kang makatanggap ng natatanging tulong upang maibalik ang iyong respeto sa iyong sarili.

Article 40

Kung ikaw ay maaakusahan na lumabag sa batas, may karapatan kang makatanggap ng tulong-legal. Karapatan mo ring tratuhin nang may respeto at dignidad. Hindi ka dapat ikulong. Ang paglagay sa iyo sa kulungan o pagdaan sa korte ay kailangang iwasan hangga't maaari.

Article 41

May karapatan kang makamtan ang mga karapatang nakapaloob sa batas sa iyong bansa o sa pandaigdigang batas na mas mahusay kesa sa mga karapatang nakapaloob sa Kasunduang ito.

Article 42

Dapat ipaalam ng gobyerno ang Kasunduang ito sa lahat ng mga magulang at bata. Karapatan mong malaman ang iyong mga karapatan. Dapat ding malaman ng mga nakatatanda ang mga karapatan mo bilang bata.

Article 43-54

Ang Article 43-54 ay tungkol sa kung paano magtutulungan ang mga gobyerno at international organisations, tulad ng Save the Children, upang masiguro na nakakakamtan ng lahat ng bata ang lahat ng kanilang mga karapatan.



Guhit ni James Andrew Luna
Padre Zamora Elementary School

Legend: ■ Survival and Developmental Rights ■ Participation Rights ■ Protection Rights

UNITED NATIONS CONVENTION ON THE RIGHTS OF THE CHILD



Ang lahat ng mga karapatang pambata ay makikita natin sa dokumento na **United Nations Convention on the Rights of the Child o UN CRC**. Ito ay isang treaty na ipinagtibay noong 1989 ng UN.

Ang UN CRC ay mayroon 54 na artikulo. **Ang article 1- 42 ang nagsasaad kung paano dapat tinuturing ang mga bata. Kabilang dito ang mga karapatan ng mga bata na nasa iba't ibang uri ng sitwasyon**, halimbawa ay ang mga batang na nasa panahon ng gyera, mga batang nagtatrabaho, mga batang nasasangkot sa krimen, mga batang walang magulang, at iba pa.

Ang **article 43-54 ay tungkol naman sa kung paano dapat magtulungan ang gobyerno at mga organisasyon upang siguraduhin na natatamasa natin ang ating mga karapatan.**

Pinirmahan ng Pilipinas ang UNCRC noong 26 Enero 1990. Ito ay naging opisyal na kasunduan noong 21 August 1990. Isa ang Pilipinas sa 196 na bansa sa buong mundo na pumirma nito.

OPTIONAL PROTOCOL

Dahil masayadong general o malawak ang nakapaloob sa Convention, kailangan ng dagdag na paliwanag sa mga partikular na isyu o paksa. Ang Optional Protocol ay gabay upang maipatupad nang maayos ang nakalagay sa UNCRC. Pumipirma rin ang gobyerno ng iba't ibang bansa upang maipatupad ito.

Sa ngayon, pumirma na ang Pilipinas sa dalawang Optional Protocol:

Optional Protocol to the Convention on the Rights of the Child on the Involvement of Children in Armed Conflict (OPAC)

Tungkol ito sa mga batang nasasangkot sa digmaan. Sinasabi rito na hindi pwedeng kuhanin bilang sundalo o miyembro ang mga bata ng anumang armadong grupo.

Optional Protocol on the Sale of Children, Child Prostitution and Child Pornography (OPSC)

Tungkol naman ito sa pagbabawal sa mga bata na ibenta, gamitin sa prostitution o pagbebenta ng laman, at gamitin sa child pornography o mga batang pinaghububad at inaabuso sa kamera.



MAHALAGANG MATANDAAN:

Lahat ng tao ay may karapatan. Responsibilidad ng bawat isa na hindi mapabayaang o matapakan ang karapatan ng iba para sa pansariling interes. Halimbawa, lahat ng tao ay may karapatang magkaroon ng opinyon ngunit responsibilidad din ng bawat isa na hindi maabuso o magamit ang opinyon na ito laban sa paniniwala ng ibang tao.



KATANGIAN NG KARAPATAN



Ang mga sumusunod ay ang mga katangian ng ating mga karapatan. **Lahat ng mga karapatan natin ay mayroon ng mga katangian na ito.** Bawat karapatan na nasa UNCRC ay para sa lahat, likas, magkakaugnay, pwedeng tanggalin sa tao, at hindi lumilipas.



Universal (para sa lahat)

Ang lahat ng tao—anuman ang lugar na pinanggalingan, estado sa buhay, kultura at relihyon, kakayahan at katangian, kasarian, bata o nakatatanda, ay may pantay na karapatan. Walang taong may higit na karapatan kaysa sa iba.



Inherent (likas)

Likas sa tao ang magkaroon ng karapatan. Tayo ay automatic na mayroon nito. Hindi kailangang magpadala ng dokumento o mag-apply upang makakuha ng mga karapatan.



Interrelated (magkakaugnay)

Lahat ng karapatan ay magkakaugnay o konektado sa isa't isa. Kapag hindi natatamasa ang isang karapatan, maaaring mapektuhan ang pagtamasa sa iba pang karapatan.



Inalienable (hindi maiaalis)

Hindi pwedeng tanggalin sa isang tao ang kanyang karapatan. Lumipat man siya ng bansang tinitirahan o kaya naman siya ay makulong, mayroon pa rin siyang karapatan.



Imprescriptible/Does not expire (hindi lumilipas)

Hindi nawawalan ng bisa o nag-eexpire ang mga karapatan. Kung ikaw ay lagpas na sa edad na 18, ikaw ay mayroon pa ring karapatang pantao.



Guhit ni James Andrew Luna
Padre Zamora Elementary School


GUIDING PRINCIPLES



Ang apat na Guiding Principles ang mga dapat isalang-alang upang masigurado na maitataguyod ang mga karapatan natin. **Ito ay ang gabay na dapat sundin ng mga Duty-bearers sa tuwing gumagawa sila ng batas para sa atin. Ito rin ang gabay ng mga tao upang magawa ang mga karapatan na nakasulat sa UNCRC.**

Para sa paksa na ito, ang kubo ang sumisimbolo ng mga karapatan natin. Tulad ng kubo, ang ating mga karapatan ay ang ating proteksyon mula sa hindi kanais-nais na mga bagay.

Upang masigurado na buo at matibay ang pundasyon ng ating mga karapatan, kailangan ang apat na Guiding Principles bilang haligi na magtataguyod ng ating mga karapatan.



ALAMIN ANG BEST INTEREST OF THE CHILD



DUTY BEARER NG KARAPATANG PAMBATA



PHILIPPINE GOVERNMENT



Ang Philippine government ay accountable o responsable sa pagtupad ng ating mga karapatan dahil pumirma ito sa UN CRC. Importante rin na mabantayan ng ating gobyerno na hindi natatapan ang karapatan ng iba.



PRIMARY DUTY BEARER

Ang gobyerno ang may resources, kapangyarihan, at authority na gumawa ng mga desisyon na makakaapekto sa buong bansa, kaya naman ito ang pangunahin or primary dutybearer. Dahil dito, accountable o may pananagutan ang gobyerno sa lahat ng nasasakupan nito.



DUTY BEARER

Bukod sa gobyerno, tinuturing din na dutybearer ang lahat ng nakatatanda sa atin tulad ng ating mga magulang, lolo, lola, tito, tita, at guardians. Kabilang na rin ang mga doctor at nurse, teachers, guidance counselors, social workers, pulis, barangay tanod, health workers, at iba pa.



Kung hindi magampanan ng gobyerno ang tungkulin nito bilang dutybearer, maaring gumawa ng aksyon ang mga rights holders, tulad nating mga bata. Sa isang malayang bansa, **may kakayanan ang rights holders na mag-demand o mag-claim ng kanilang mga karapatan.** Maaring ipaalala sa gobyerno na tuparin ang pangako at obligasyon nito sa ilalim ng UN CRC gamit ang mapayapang demonstrasyon, sa porma ng anunsyo, artwork, pagsulat, pagdula at iba pa. **May karapatan din ang rights holders na lumahok sa mga decision-making processes ng gobyerno,** kabilang na dito ang malaman ang mga nakasaad sa batas bago ito ipasa ng gobyerno.

MGA DUTY BEARERS

KATANGIAN NG MGA KARAPATAN

UNIVERSAL
INHERENT
INTERRELATED
INALIENABLE
IMPRESCRIPTIBLE

I AM A CHILD RIGHTS ADVOCATE

SI ATTY. SEKI ISANG ABOGADO MULA SA ATENEO HUMAN RIGHTS CENTER. SIYA AY NAGTUTURO TUNGKOL SA CHILD RIGHTS SA MGA TAO SA SCHOOL, GOBYERNO, AT NON-GOVERNMENT ORGANIZATIONS.

SI KUYA LINO AY ISANG TRAFFIC ENFORCER MALAPIT SA PADRE ZAMORA ELEMENTARY SCHOOL. SINISIGURADO NIYA NA LIGTAS NA MAKAKATAWID ANG MGA BATA SA KALSADA.

GO

SI ALING SUSAN AY MAY DALAWANG ANAK. SINISIGURADO NIYA NA NAKAKAIN NG MASUSTANSYA AT SA TAMANG ORAS ANG KANIYANG MGA ANAK.

SILA AY ILAN SA MGA DUTY BEARERS NG ATING MGA KARAPATAN. TUNGKULIN NILA NA SIGURADUHING NATATAMASA NATIN ANG ATING MGA KARAPATAN. MULA GOBYERNO HANGGANG SA ATING MGA BAHAY AY MAY MAKIKITA TAYONG DUTY BEARER.

GO

I AM A CHILD RIGHTS



MAHALAGANG MATANDAAN:

Sa ibang sitwasyon, hindi naibibigay ng mga magulang ang pangunahing pangangailan ng kanilang mga anak. Ayon sa UNCR, isa sa mga tungkulin ng gobyerno ay tulungan at suportahan ang mga magulang upang matupad nito ang kanilang responsibilidad na alagaan at gabayan ang kanilang mga anak.

COMMITTEE FOR THE SPECIAL PROTECTION OF CHILDREN



Ang Pilipinas ay mayroong **Committee for the Special Protection of Children o CSPC**. Sila ay isang kinatawan ng gobyerno na ang pangunahing tungkulin ay **pagbabantay sa mga imbestigasyon at paghahawak ng mga kaso na lumalabag sa R.A. 7610 at iba pang kaso na sangkot ang mga bata**. Ang R.A. 7610 ay isang batas upang maproteksyunan ang mga bata laban sa child abuse, exploitation, at discrimination.


Ang mga miyembro ng CSPC ay:

- ★ Chairperson of the Commission on Human Rights;
- ★ Secretary of Foreign Affairs;
- ★ Secretary of Labor and Employment;
- ★ Secretary of Tourism;
- ★ Secretary of the Interior and Local Government;
- ★ Secretary of Health;
- ★ Secretary of Education;
- ★ Commissioner of Immigration;
- ★ Director of the National Bureau of Investigation;
- ★ Chief of the Philippine National Police;
- ★ Prosecutor General; and
- ★ Three (3) representatives ng non-government (NGO) or private organizations na nagta-trabaho at/o nagtataguyod ng proteksyon ng mga bata.


Trabaho ng Committee na ito na magtatag ng sistema para sa paghahawak ng mga kasong lumalabag sa karapatan ng mga bata. May kakayanan ito na **mag-request sa mga government agencies na bigyang pansin at tugunan ang mga ispesipikong isyu at problema na patungkol sa mga karapatang pambata**.

Maari rin itong **gumawa ng mga polisiya at gabay upang maayos at mapabilis ang imbestigasyon sa mga kasong lumalabag sa karapatan ng mga bata**. Responsibilidad din ng Committee na ito na magpadala ng report taun-taon sa Presidente ng Pilipinas tungkol sa mga nagawa nito para sa mga bata.


Ilan sa mga nagawa ng Committee na ito ay ang mga sumusunod na gabay na libro:



Protocol for Case Management of Child Victims of Abuse, Neglect, and Exploitation



Guide for Media Practitioners on the Reporting and Coverage of Cases Involving Children



A Comprehensive Program on Child Protection 2012-2016



PANATA NG ISANG CHILD RIGHTS ADVOCATE

Ako si _____ at nanunumpa ako na pahahalagahan ko ang aking mga karapatan ayon sa United Nations Convention on the Rights of the Child.

Ako ay naniniwala na lahat ng bata ay pantay-pantay at ako ay may karapatang mabuhay nang may dignidad at mapaunlad ang sarili.

Karapatan ko na makilahok sa mga gawain at usaping mahalaga sa akin.

Karapatan ko rin na maproteksyunan mula sa lahat ng uri ng karahasan at iba pang sitwasyong makakasakit sa akin.

Responsibilidad ko na igalang ang mga karapatan ng kapwa ko bata at nakatatanda.

Responsibilidad ko rin na ibahagi ang kaalaman na ito sa kapwa ko bata.

Bilang isang child rights advocate, isusulong ko ang mga karapatang pambata lalo na ng mga batang madalas ay naisasantabi.





Guhit ni Mark Matthew Vitug
Padre Zamora Elementary School

Building a better world for and with children.

Sa nagdaang tatlong dekada, aktibo ang Save the Children sa Pilipinas upang tugunan ang ating mga pangangailangan bilang bata. Layunin nilang bumuo ng mundong mas ligtas at angkop para sa atin. Sa pamamagitan ng pagprotekta at pagsuporta sa atin, naitataguyod ng Save the Children ang mga karapatang pambata.

Gamit ang booklet na ito, nais ng Save the Children na malaman natin ang ating mga karapatan. sabayan ang ibang bata sa pagtuklas ng mga karapatang pambata sa mga pahina ng booklet na ito, at maging isang ganap na child rights advocate!



Save the Children!